American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-399-411
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PANANAW NG BATSILYER SA SEKUNDARYANG EDUKASYON MEDYOR SA FILIPINO SA KANILANG KALIGIRANG PAMPAGKATUTO: ISANG MIXED METHOD NA PAG-AARAL

LANOY, RIJEN LYNMER R.[1],
[1](*Institute of Teacher Education / Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines*)

**ABSTRACT:** Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang tukuyin ang kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Major sa Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology (KCAST) gamit ang Convergent Parallel Mixed Methods. Sa bahaging kwantitatibo, 154 na mag-aaral ang lumahok, at sinuri ang mga datos gamit ang descriptive statistics upang masukat ang antas ng kanilang kaligirang pampagkatuto sa tatlong aspeto: Positibong Pakikitungo, Pansariling Pagsalungat, at Pagtitiyaga sa Katayuan. Samantala, sa kwalitatibong bahagi, sampung mag-aaral ang napiling kalahok sa apat na in-depth interview (IDI) at isang focus group discussion (FGD) sa pamamagitan ng purposive sampling. Lumabas sa resulta na may mataas na antas ng kaligirang pampagkatuto ang mga kalahok, kung saan nanguna ang Positibong Pakikitungo at pinakamababa ang Pansariling Pagsalungat. Mula sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw ang mga temang gaya ng aktibong paglahok, kolaborasyong pangmag-aaral, paggamit ng mga kasangkapan sa pagkatuto, at kahalagahan ng pahinga. Ipinakita ng pagsasama ng datos na may pagkakatugma sa resulta ng dalawang metodo, na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mas inklusibong suporta, sapat na kagamitan, at mas matibay na ugnayan sa pagitan ng mag-aaral at institusyon upang mapabuti ang kalidad ng pagkatuto.
***KEYWORDS :*** *Kaligirang Pampagkatuto, Mag-aaral sa Filipino, Mixed Methods, Philipines*

## I. INTRODUKSIYON

Ang kaligirang pampagkatuto ay tumutukoy sa kabuoang karanasan ng mga mag-aaral na nakaaapekto sa kanilang proseso ng pagkatuto, kabilang ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at kultural na aspekto. Ang pagsusuri sa kanilang pananaw hinggil dito ay nakatulong sa pag-unawa sa mga hamon na kanilang kinakaharap at mga oportunidad na maaaring makatulong sa kanilang akademikong pag-unlad. Mahalaga ang pag-unawa sa kanilang karanasan upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at mapahusay ang kanilang pangkalahatang pagkatuto. Gayunpaman, limitado ang mga pag-aaral na tumatalakay sa kanilang pananaw ukol sa kaligirang pampagkatuto, lalo na sa konteksto ng lokal na antas (Cheung et al., 2021).

Sa Finland, na kinikilala bilang isa sa mga bansang may pinakamahusay na sistema ng edukasyon, binigyang-diin ang holistic na kaligirang pagkatuto upang suportahan ang tagumpay ng mga mag-aaral. Sa kabila ng tagumpay na ito, kinaharap ng Finland ang hamon ng pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang ang mga migrante, mga mag-aaral mula sa iba't ibang kultural na pinagmulan, at ang kanilang kakayahang umangkop sa bagong sistema ng edukasyon. Ang kaligirang pagkatuto sa Finland ay hindi lamang nakatuon sa pisikal na aspekto ng paaralan kundi pati na rin sa kultural at emosyonal na dimensyon, na nahahamon ng pagkakaiba-iba sa mga mag-aaral. Ang sitwasyong ito ay nagpapakita na kahit sa mga bansang may mataas na antas ng edukasyon, mahalaga ang pagsisiyasat ng kaligirang pagkatuto upang matukoy ang mga salik na pumipigil o nakakatulong sa tagumpay ng mga mag-aaral (Rintala & Nokelainen, 2020).

Sa Pilipinas, ang sistema ng edukasyon ay nagkaroon ng malaking hamon pagdating sa kaligirang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kawalan ng sapat na pasilidad, limitadong mapagkukunan, at iba pang pisikal na salik ay na nakakaapekto sa kanilang kakayahang matuto. Bagamat may mga programang inilunsad ang *Department of Education* (DepEd) upang tugunan ang mga isyung ito, nananatiling mahirap ang sitwasyon para sa ilang mag-aaral. Para sa mga nasa Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino, ang kanilang mga karanasan ay higit na naiimpluwensyahan ng kanilang kaligirang pagkatuto, na makaaapekto sa kalidad ng kanilang hinaharap na pagtuturo (Trillanes & Sarmiento, 2020).

Ang pananaliksik na ito ay may malaking kahalagahan sa lipunan dahil tinutugunan nito ang pangangailangan na maunawaan ang mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan sa pananaliksik ay magbibigay-daan sa pagbuo ng mga programang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa lokal na antas. Bukod dito, gamitin ang datos na ito upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino at matulungan ang mga mag-aaral na maging mas handa sa kanilang propesyonal na karera.

Bagamat maraming pag-aaral ang tumalakay sa kaligirang pagkatuto, karamihan dito ay nakatuon sa mga pangkalahatang mag-aaral. Halimbawa, ang pag-aaral nina Baji at Baji (2019) na may pamagat na,"*Socio-Cultural Factors as Predictors of Academic Performance of the Girl-Child among Junior Secondary School Students in Niger state, Nigeria*", ay tumingin sa epekto ng sosyo-kultural na salik sa akademikong tagumpay, ngunit hindi ito nakatuon sa larangan ng edukasyon. Samantala, si Torres at Alieto (2019) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang,"*English Learning Motivation and Self-Efficacy of Filipino Senior High School Students*", ay nagsuri sa karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino, ngunit nakatuon lamang sa kanilang motibasyon. Ang pag-aaral nina Baars et al. (2021) na pinamagatang, "*A Framework for Exploration of Relationship between the Psychosocial and Physical Learning Environment*" naman ay tumalakay sa impluwensiya ng pisikal na kaligiran sa pagkatuto, ngunit hindi isinama ang perspektibo ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang kasalukuyang pananaliksik ay nagbigay-pansin sa natatanging karanasan ng mga Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino, gamit ang mixed-method na diskarte upang masuri ang kanilang kaligirang pagkatuto at pananaw.

Ang pananaliksik na ito ay ipipresenta sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST) *Annual Research and Extension Conference* at isusumite para sa publikasyon sa KCAST Multidisciplinary Journal. Ibabahagi ang mga natuklasan sa mga guro ng BSEd-Filipino sa pamamagitan ng mga seminar at pagsasanay upang mapabuti ang kanilang pamamaraan ng pagtuturo. Ilalahad din ito sa mga administrador at tagapagbuo ng kurikulum upang maisulong ang mga patakarang makatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Palalawigin ang pagbabahagi sa *Department of Education* (DEPED) at iba pang katuwang na institusyon upang higit pang suportahan ang pagsasanay ng mga guro. Ang pag-aaral na ito ay itutugma sa RDE Agenda ng KCAST, partikular sa larangan ng Educational Innovation and Pedagogical Advancement.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Sinisiyasat ng pag-aaral na ito ang kaligirang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino gamit ang pinagsamang pamamaraan sa pananaliksik. Ang layunin ng paggamit ng ganitong diskarte ay upang mangalap ng datos na kwantitatibo at kwalitatibo nang sabay, pagsamahin ang mga natuklasan, at gamitin ang mga ito upang matugunan ang suliranin ng pananaliksik. Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay nagbigay-daan upang mapalakas ng bawat paraan ng pangangalap ng datos ang mga kahinaan ng isa, na nagresulta sa mas malawak at masusing pag-unawa sa suliranin ng pananaliksik sa pamamagitan ng pinagsamang pagsusuri ng parehong datos.

1. Ano ang kalagayan ng kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino?
2. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino kaugnay sa kanilang kaligirang pampagkatuto?
3. Ano ang mga mekanismo ng pagharap sa hamon na ginagamit ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino kaugnay sa kanilang kaligirang pampagkatuto?
4. Sa anong antas nagkakatugma ang datos na kwantitatibo at kwalitatibo?

## III.PAMAMARAAN

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pinagsamang metodolohiya gamit ang disenyo ng convergent parallel, kung saan sabay na isinagawa ang kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan upang makuha ang mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa suliranin ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng integrasyong ito, napalakas ang kabuuang kalidad ng mixed methods research dahil isinasaalang-alang nito ang magkabilang anyo ng datos sa bawat yugto ng pananaliksik. Ang konsepto ng "pagsasama" ay nangangahulugang pag-uugnay ng mga resulta mula sa dalawang magkaibang uri ng datos upang makabuo ng mas buo at mas mayaman na larawan ng isyung sinusuri. Higit pa sa pagpapatibay ng mga resulta, nagbibigay ito ng mas malalim na pananaw sa konteksto ng karanasan ng mga kalahok. Sa pagsasama ng mga kinalabasan mula sa dalawang pamamaraan, lumitaw ang mahahalagang pananaw na maaaring hindi natukoy kung isa lamang sa mga metodolohiya ang ginamit (Bryman, 2007; Halcomb & Hickman, 2015).

Ang disenyo ng pananaliksik na napili para sa pag-aaral na ito ay convergent parallel mixed-method approach. Sa disenyo na ito, ang parehong kwalitatibo at kwantitatibong datos ay sabay na kinolekta at binigyan ng pantay na kahalagahan. Una, kinuha ang datos mula sa survey, kasunod ang focus group o one-on-one na panayam. Ang bawat set ng datos ay inanalisa nang magkahiwalay at pagkatapos ay pinagsama at binigyan ng interpretasyon bilang isang kabuuan. Ang pamamaraang ito ay angkop sa pag-aaral dahil layunin nitong tuklasin ang ugnayan, pagkakaiba, kontradiksyon, o relasyon ng dalawang uri ng datos (Hanson et al., 2005).

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 1**

**Lebel ng Pananaw ng BSED- Filipino sa kanilang Kaligirang Pampagkatuto**

| *No.* | *Items* | *Mean* | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **Positibong Pakikitungo** | | | |
| 1. | mas natututo ako kapag ang silid-aralan ay may malayang kapaligiran na nag-uudyok sa akin na ipahayag ang aking mga ideya nang may tiwala. | 4.49 | Napakataas |
| *2.* | mas nagiging epektibo ang aking pagkatuto kapag ang pisikal na kapaligiran ng silid-aralan ay komportable at maayos para sa lahat ng mag-aaral. | 4.25 | Napakataas |
| *3.* | mas natututo ako at mas nagkakaroon ng kumpiyansa sa pag-aaral kapag ang kapaligiran ng silid-aralan ay nagtataguyod ng pantay at makatarungang sistema ng pagbibigay ng marka. | 4.21 | Napakataas |
| *4.* | *mas natututo ako kapag ang kapaligiran sa klase ay nagpapalaganap ng respeto sa pagitan ng guro at mga mag-aaral.* | 4.31 | Napakataas |
| *5.* | mas nauunawaan ko ang aralin kapag isinasaalang-alang ng guro ang aking kakayahan sa isang kapaligirang nakatutulong sa pagkatuto. | 4.22 | Napakataas |
| **Category Mean** | | **4.30** | Napakataas |
| **Pansariling Pagsalungat** | | | |
| **1.** | hindi ako nagbibigay ng negatibong komento tungkol sa mga may salungat na paniniwala, dahil ang kapaligiran sa silid-aralan ay nagtuturo ng respeto. | 3.90 | Mataas |
| *2.* | hindi ko nararamdaman na nag-iisa ako sa klase, kahit na may pagkakaiba kami, dahil ang silid-aralan ay inklusibo. | 3.94 | Mataas |
| *3.* | mas nagiging aktibo ako sa klase kapag ang bawat isa ay pantay na nabibigyan ng pagkakataon na magpahayag ng kanilang saloobin. | 3.98 | Mataas |
| *4.* | mas nagiging bukas ako sa pakikisalamuha sa aking mga kaklase kapag ang kapaligiran ng silid-aralan ay nagbibigay ng suporta at respeto sa bawat isa. | 4.01 | Mataas |
| *5.* | mas natututo ako sa pamamagitan ng pagtutulungan kapag ang kapaligiran ay nagtataguyod ng tiwala at pagkakaintindihan sa pagitan ng mga mag-aaral. | 4.04 | Mataas |
| **Category Mean** | | **3.97** | Mataas |
| **Pagtitiyaga sa Katayuan** | | | |
| 1. | makakamit ko ang nais kong marka kung ang kapaligiran ng silid-aralan ay nagtataguyod ng aking personal na pag-unlad at tagumpay. | 4.03 | Mataas |
| 2. | naniniwala akong magiging mataas ang aking marka sa asignaturang Filipino, lalo na kung ang kapaligiran sa pagkatuto ay nakatutok sa pagpapabuti ng aking kakayahan. | 4.02 | Mataas |
| 3. | mahalaga para sa akin ang pagiging masipag sa aking pag-aaral, at higit ko itong pinapahalagahan kung ang kapaligiran sa klase ay nagtutulungan upang magtagumpay. | 4.14 | Mataas |
| 4. | nakikita ko ang aking kakayahan na magtagumpay sa asignaturang Filipino, lalo na kung ang silid-aralan ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagkatuto. | 4.17 | Mataas |
| 5. | kaya kong magsikap upang maabot ang inaasahang marka kung ang kapaligiran sa pagkatuto ay sumusuporta at tumutugon sa aking mga pangangailangan bilang mag-aaral. | 4.19 | Mataas |
| **Category Mean** | | **4.11** | **Mataas** |
| **Overall Mean** | | **4.13** | Mataas |

**Pananaw ng Mag-aaral sa Kanilang Kaligirang Pampagkatuto.** Ang pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang kaligirang pampagkatuto ay may mataas na deskriptibong katumbas, na may kabuuang mean na 4.13. Ipinapakita ng resultang ito na ang mga mag-aaral ay may positibong pagtingin sa kanilang kapaligiran sa pagkatuto. Ang kanilang karanasan sa loob ng silid-aralan ay itinuturing nilang kapaki-pakinabang, kung saan nakakatulong ito sa kanilang pag-unlad sa paggamit ng Filipino. Ang mataas na *mean score* ay nagpapahiwatig na, sa pangkalahatan, ang mga salik sa kanilang kapaligiran ay nagsusulong ng epektibong pagkatuto at akademikong tagumpay. Ayon kina Thibodeaux et al. (2019), ang isang positibong kapaligiran sa pagkatuto ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahan at interes ng mga mag-aaral sa isang partikular na asignatura. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may maayos na relasyon sa kanilang guro at kaklase ay mas nagiging aktibo sa talakayan at mas may tiwala sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Ang ganitong uri ng kapaligiran ay nagpapabuti hindi lamang sa kanilang akademikong pagganap kundi pati na rin sa kanilang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik nina Baik et al. (2019) na ang isang sumusuportang kaligirang pampagkatuto ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng kumpiyansa at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na kapag ang isang silid-aralan ay nagtataguyod ng pantay na oportunidad sa lahat ng mag-aaral, mas nagiging epektibo ang kanilang pagkatuto. Ang pagkakaroon ng malayang kapaligiran sa talakayan ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataong maipahayag ang kanilang saloobin nang walang pangamba sa negatibong puna o diskriminasyon.

**Positibong Pakikitungo.** Ang positibong pakikitungo sa loob ng silid-aralan ay may napakataas na deskriptibong katumbas, na may kabuuang mean na 4.30. Ipinapakita ng resultang ito na ang positibong pakikitungo ay palaging naipapamalas ng mga mag-aaral. Ang kanilang kakayahang makilahok sa klase, ipahayag ang kanilang mga ideya, at makipag-ugnayan sa kanilang guro at kaklase ay lubos na nahuhubog sa isang bukas at sumusuportang kapaligiran. Ang mataas na antas ng positibong pakikitungo ay hindi lamang nagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino kundi nagtataguyod din ng isang mas inklusibo at epektibong proseso ng pagkatuto. Ayon sa pag-aaral nina Kaufmann and Vallade (2022), ang isang positibong kapaligiran sa pagkatuto ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng kumpiyansa sa mga mag-aaral at nag-uudyok sa kanila na maging mas aktibo sa klase. Ang kanilang pananaliksik ay nagpapakita na kapag ang isang silid-aralan ay nagtataguyod ng malayang pagpapahayag ng mga ideya, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pakikilahok sa diskusyon at mas nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Ang natuklasang ito ay tugma sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng isang malayang kapaligiran sa pagkatuto. Bukod pa rito, ipinakita rin sa pananaliksik nina Qureshi et al. (2023) na ang isang patas at makatarungang sistema ng pagbibigay ng marka ay may malaking epekto sa kumpiyansa at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang kanilang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na nakakaramdam ng pantay na pagtrato mula sa kanilang guro ay mas nagiging determinado sa kanilang akademikong pagganap. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral ay nagpapakita na bagama't ito ang pinakamababa sa lahat ng aytem, nananatili itong napakataas, na nagpapahiwatig na ang pantay na pagbibigay ng marka ay isang mahalagang aspeto sa positibong pakikitungo.

**Pansariling Pagsalungat.** Ang antas ng pansariling pagsalungat sa mga mag-aaral ay may mataas na deskriptibong katumbas, na may kabuuang mean na 3.97. Ipinapakita ng resultang ito na madalas na nararanasan ng mga mag-aaral ang hamon ng pagkakaroon ng pansariling pagsalungat sa kanilang pagkatuto. Kabilang dito ang mga sitwasyong kinakailangan nilang pag-isipan ang iba't ibang pananaw, makilahok sa mga diskusyon kahit may agam-agam, at panatilihin ang respeto sa kabila ng pagkakaiba-iba ng opinyon. Ang mataas na antas na ito ay nagpapahiwatig na sa kabila ng mga pagsubok, may kakayahan ang mga mag-aaral na pamahalaan ang kanilang reaksyon at makibahagi sa produktibong talakayan. Ayon kina Singer et al. (2020), ang kakayahang harapin ang pansariling pagsalungat ay isang mahalagang aspeto ng epektibong pagkatuto. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may bukas na pag-iisip sa iba't ibang pananaw ay mas madaling nakakapag-adjust sa mga intelektwal na hamon. Bukod dito, natuklasan din nila na ang isang positibong kapaligiran sa silid-aralan ay nakakatulong upang maibsan ang tensyon na dulot ng hindi pagkakaintindihan, kaya't mas nagiging episyente ang palitan ng ideya.Samantala, ipinakita sa pananaliksik nina Maison et al. (2019) na ang pakikilahok sa mga talakayan at pagtutulungan sa pagitan ng mga mag-aaral ay isang mabisang paraan upang mabawasan ang epekto ng pansariling pagsalungat. Ang kanilang pag-aaral ay nagpapakita na kapag ang isang kapaligiran ay nagtataguyod ng tiwala at pagkakaintindihan, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng ibang pananaw. Ipinapakita rin dito na sa pamamagitan ng aktibong pakikipag-ugnayan, mas lumalawak ang kanilang pang-unawa at natututo silang magpahayag ng kanilang mga opinyon nang may respeto.

**Pagtitiyaga sa Katayuan.** Ang antas ng pagtitiyaga sa katayuan ng mga mag-aaral ay may mataas na deskriptibong katumbas, na may kabuuang mean na 4.11. Ipinapakita ng resultang ito na madalas na naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang determinasyon na mapanatili ang kanilang katayuan sa akademikong aspeto. Kabilang dito ang kanilang pagsisikap na makuha ang inaasahang marka, harapin ang mga hamon sa pagkatuto, at gamitin ang mga mapagkukunan upang mapabuti ang kanilang akademikong pagganap. Ang mataas na antas ng pagtitiyaga ay nagpapakita ng kanilang motibasyon na magtagumpay sa pag-aaral sa kabila ng mga hamon sa kapaligiran. Sa pag-aaral nina Xu et al. (2023), kanilang binigyang-diin na may kaugnayan ang akademikong

tagumpay sa antas ng pagtitiyaga ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may mas mataas na antas ng pagtitiyaga ay mas may kakayahang harapin ang mga hamon sa pag-aaral, lalo na kung ang kanilang kapaligiran ay sumusuporta sa kanilang pangangailangan. Ayon sa kanilang pananaliksik, ang isang positibong akademikong kapaligiran ay may malaking papel sa pagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral upang ipagpatuloy ang kanilang pagsisikap sa pagkatuto.Samantala, ipinakita nina Huescar Hernandez et al. (2020) na ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan ay isang mahalagang salik sa kanilang akademikong pagtitiyaga. Lumitaw sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may positibong pananaw sa kanilang kakayahan ay mas determinado na abutin ang kanilang mga layunin. Bukod dito, binigyang-diin din ng kanilang pananaliksik na ang mga estratehiyang nakatuon sa pagpapalakas ng tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili ay may malaking epekto sa kanilang pagtitiyaga at tagumpay sa pag-aaral.

**Talahanayan 2**
**Karanasan ng mga Mag-aaral sa BSEd-Filipino Kaugnay sa Kanilang Kaligirang Pampagkatuto**

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | KATEGORYA/CODE | PANGUNAHING TEMA | TEORYA |
|---|---|---|---|---|
| Mga Karanasan Kaugnay sa Kaligirang pampagkatuto | • Nakakaranas ng epekto mula sa wikang mas ginagamit sa tahanan at komunidad.<br>• Nagkakaroon ng pagaalinlang an sa pagsasalita ng Filipino sa klase.<br>• Mas komportable n g gumamit ng Ingles o katutubong wika sa akademikong usapan. Nahihirapan sa paggamit ng pormal na Filipino sa pagsulat at talakayan. | Multilinggwal na Kapaligiran | Mga balakid sa Kaligirang Pampagkatuto sa Filipino | Vygotsky (1978) Sociocultural Theory of Learning |
| | • Nakakaranas ng kaba at pagaalinlangan sa oral recitation<br>• Nahihirapang bumuo ng tamang pangungusa p sa Filipino habang nagsasalita.<br>• Madalas na nagkakamali o natitigilan sa oral recitation<br>• Mas pinipiling Kahirapan sa Pagsasalita ng Filipino umiwas sa pagsagot kaysa magsalita sa harap ng klase | Kahirapan sa Pagsasalita ng Filipino | | |
| | • Nahihirapang makahanap ng sapat na babasahin sa Filipino.<br>• Umaasa sa mga sangguniang nakasulat sa Ingles.<br>• Nahihirapan sa malalim na pagunawa ng mga aralin sa Filipino.<br>• Nagreresulta sa limitadong kasanayan sa paggamit Limitadong Materyales ng pormal na Filipino. | Limitadong Materyales | | |
| | • Nakakaranas ng stress at mental na pagkapagod habang nagaaral ng Filipino.<br>• Nahihirapang intindihin at iproseso ang mga aralin sa Filipino.<br>• Nagreresulta sa kawalan ng kumpiyansa sa paggamit ng pormal na Filipino.<br>• Mas nahihirapang magpahayag ng ideya sa Filipino dahil sa intelektwal na hamon. | Emosyonal at Intelektwal na Hamon sa Pagkatuto | | |

**Mga Balakid sa Kaligirang Pampagkatuto sa Filipino.** Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng iba't ibang balakid sa kanilang kaligirang pampagkatuto sa Filipino, na makaapekto sa kanilang akademikong pagganap at kumpiyansa sa paggamit ng wika. Kabilang sa mga hadlang na ito ang limitadong gamit ng pormal na Filipino sa kanilang tahanan at komunidad, na nagiging sanhi ng hamon sa pagbuo ng kasanayan sa akademikong Filipino. Gayundin, ang mga restriksyon sa mapagkukunan ng impormasyon, tulad ng kakulangan sa mga aklat at iba pang sanggunian, ay nagdudulot ng limitadong oportunidad sa mas malalim na pagkatuto. Dahil dito, kinakailangang bumuo ng mga estratehiya upang mapalakas ang akademikong kasanayan sa Filipino at mapabuti ang kanilang kapaligiran sa pag-aaral.

Ayon kay Cummins (1999), ang teorya ng Bilingual Education ay nagpapakita na ang kakulangan sa akademikong paggamit ng wika sa pang-araw-araw na buhay ay magdulot ng mabagal na pag-unlad sa kasanayan sa mataas na antas ng pagkatuto. Ang teoryang ito ay sumusuporta sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na ang hindi sapat na paggamit ng pormal na Filipino sa tahanan ay humantong sa kahirapan sa akademikong pagsusulat at pagbasa. Ang hamong ito ay malampasan sa pamamagitan ng paglikha ng mas maraming pagkakataon para sa paggamit ng Filipino sa mas pormal at intelektwal na konteksto.

Dagdag pa rito, ipinahayag nina Diate and Mordeno (2021) na ang kakulangan ng mga materyales sa pagkatuto, tulad ng aklat, pananaliksik, at iba pang sanggunian sa akademikong Filipino, ay nagiging balakid sa paglinang ng mas malalim na kasanayan sa wika. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may sapat na mapagkukunan ay mas nagkakaroon ng kakayahang paghusayin ang kanilang pagsulat at pagbasa sa Filipino. Ito ay nagpapatibay sa pangangailangan ng mga paaralan na maglaan ng sapat na sanggunian upang mas mapalakas ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang ito.

Samantala, ayon kina Bantillo and Ngag (2024), ang multilinggwal na kapaligiran ay maging hadlang sa pagkatuto ng Filipino kung hindi ito mahusay na naipapatupad sa sistema ng edukasyon. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na bagama't mahalaga ang paggamit ng unang wika sa pagkatuto, magresulta ito sa kakulangan ng pagtuon sa akademikong Filipino. Kaya naman, mahalaga ang balanseng paggamit ng wika upang mapanatili ang pagkatuto sa iba't ibang larangan. Ang mga natuklasang ito ay naglalatag ng mahalagang batayan sa pagpapabuti ng sistema ng pagtuturo ng Filipino at sa pagbibigay ng mas angkop na suporta sa mga mag-aaral.

**Talahanayan 4**

*Mekanismo ng Pagharap sa Hamon na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa BSEd-Filipino sa kanilang Kaligirang Pampagkatuto*

| ISYUNG SINURI | PANGUNAHING IDEYA | KATEGORYA/*CODE* | PANGUNAHING TEMA | TEORYA |
|---|---|---|---|---|
| Mga Mekanismo ng Pagharap sa Hamon sa Kaligirang Pampagkatuto | • Pagtutulungan sa pagsusuri ng babasahin at paggawa ng akademikong papel.<br>• Paghahanap ng suporta mula sa mga kaklase upang mabawasan ang akademikong stress.<br>• Pagsagot sa mga talakayan upang mapalawak ang kaalaman sa Filipino.<br>• Pagsasanay sa tamang paggamit ng wika sa pamamagitan ng aktibong interaksyon. | Aktibo at Kolaboratibong Gawi | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Pagtulong sa mas malalim na pag-unawa sa wika sa pamamagitan ng teknolohiya<br>• Paggamit ng digital libraries upang makahanap ng mahahalagang sanggunian sa Filipino.<br>• Pagtulong sa mas malalim na pag-unawa sa wika sa pamamagitan ng teknolohiya | Paggamit ng Kasangkapan sa Pagkatuto | Paraan ng Pagharap sa Hamon sa Kaligirang Pampagkatuto | Lazarus at Folkman (1984) *Transactional Model of Stress and Coping Theory* |
| | • Pagtukoy sa pamilya bilang pangunahing motibasyon sa pag-aaral.<br>• Pagtatakda ng mga layunin at pakikilahok sa mga aktibidad upang mapanatili ang sigla sa pag-aaral.<br>• Paggamit ng pananalangin bilang gabay upang mapanatili ang determinasyon sa pag-aaral.<br>• Pagpapahalaga sa suporta ng pamilya upang maiwasan ang pagkawala ng motibasyon. | Personal na Inspirasyon para sa Motibasyon | | |
| | • Pagtatakda ng maayos na iskedyul upang epektibong pamahalaan ang stress.<br>• Paggamit ng pahinga at libangan bilang paraan upang maibsan ang pagkapagod<br>• Pagbibigay ng oras para sa sarili upang mapanatili ang mental na kalusugan.<br>• Paggawa ng mga nakakapagpasaya at nakakarelaks na gawain bago bumalik sa pag-aaral. | Paglaan ng Pahinga | | |

**Paraan ng Pagharap sa Hamon sa Kaligirang Pampagkatuto.** Ang pag-aaral na ito ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay may iba't ibang paraan upang malampasan ang mga hamon sa kanilang kaligirang pampagkatuto. Kabilang dito ang masigasig na pagsasanay sa pagbasa at pagsulat, aktibong pakikilahok sa mga talakayan, at paggamit ng teknolohiya bilang suporta sa kanilang pagkatuto. Bukod pa rito, ang pagkakaroon ng isang positibong kapaligiran sa silid-aralan ay isang mahalagang salik na nagbubunsod ng kanilang kumpiyansa at kakayahang makibahagi nang mas epektibo sa mga gawaing pang-akademiko. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, mas nagiging handa ang mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon sa kanilang pagkatuto sa Filipino.

Ayon sa Constructivist Learning Theory ni Piaget (1950), natututo ang isang indibidwal sa pamamagitan ng aktibong pagbuo ng kaalaman mula sa kanilang sariling karanasan at pakikisalamuha sa kanilang kapaligiran. Ang teoryang ito ay tumutugma sa natuklasan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mas epektibong nakatutugon sa mga hamon sa pagkatuto kapag sila mismo ang nakakaranas at nag-eeksperimento sa iba't ibang paraan ng pagkatuto. Halimbawa, ang kanilang paggamit ng digital tools, pagbabasa ng iba't ibang mapagkukunan, at pakikilahok sa mga talakayan ay nagpapakita ng kanilang kakayahang umangkop at matuto nang mas malalim.

Higit pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Jeong and So (2020) na ang paggamit ng iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon, tulad ng digital learning tools at aklat, ay isang mabisang estratehiya upang mapalakas ang kasanayan sa akademikong Filipino. Ang kanilang pananaliksik ay nagbigay-diin na ang mas malawak na exposure sa wika ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng kaalaman at pag-unawa. Sa ganitong paraan, nagiging mas handa ang mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon sa kanilang akademikong buhay.

Samantala, ipinahayag ni Valtonen et al. (2021) na ang pagpapatibay ng kasanayan sa isang wika ay nangangailangan ng sapat na suporta mula sa guro, kapwa mag-aaral, at pamilya. Ang teoryang ito ay nagpapaliwanag kung bakit ang positibong kapaligiran sa pagkatuto ay may malaking epekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino. Kapag ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng tamang gabay at suporta, mas nagiging epektibo ang kanilang mga estratehiya sa pagharap sa mga hamon sa pagkatuto.

**Talahanayan 3**
**Pinagsamang Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasang Kuwantitatibo at Kwalitatibo**

| ***Aspect* o *Focal Point*** | ***Quantitative Findings*** | ***Qualitative Findings*** | ***Nature Of Data Integration*** | ***Axiological Implications*** |
|---|---|---|---|---|
| Kapaligiran sa Pag-aaral | Ang Talahanayan 2 Positibong Pakikitungo ay may napakataas na mean (M=4.30). Ang aytem 1 ay nagsasaad na mas natututo ang mga mag-aaral kapag ang silid-aralan ay may malayang kapaligiran na nag-uudyok sa kanila na ipahayag ang kanilang mga ideya nang may tiwala, na may mean score na napakataas (M=4.49). | Sa Talahanayan 3 na nagsasaad na ang nakaranas ng hamon sa kumpyansa sa paggamit ng pormal na Filipino dahil sa impluwensya ng kanilang tahanan at komunidad na nabibilang sa tema na Multilingwal na Kapaligiran. | *Merging-converging* | Ipinapakita sa datos na ang mga mag-aaral ng BSED-Filipino ay nagsusulong ng inklusibo at suportadong kapaligiran sa pagkatuto ng wika. |
| Kakulangan sa kagamitan | Ang Talahanayan 2 Pagtitiyaga sa Katayuan ay may mataas na mean na (M=4.11). Ang aytem 5 ay nagsasaad na kaya ng mga mag-aaral magsikap upang maabot ang inaasahang marka kung ang kapaligiran sa pagkatuto ay sumusuporta at tumutugon sa kanilang mga pangangailangan bilang mag-aaral, na | Sa Talahanayan 3 na nagsasaad na kinakailangan gumamit ng ibang mapagkukunan ng impormasyon, tulad ng online references nabibilang sa tema na Limitadong Materyales. | *Merging-diverging* | Ipinakita sa datos na ang kakulangan sa gamit sa silid-aralan ay nakaaapekto sa kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | may napakataas na mean score (M=4.19). | | | |
| Oportunidad para sa mag-aaral | Ang Talahanayan 2 Pansariling Pagsalungat ay may mataas na mean (M=3.97) .Ang aytem 3 ay nagsasaad na mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa klase kapag ang bawat isa ay patas na nabibigyan ng pagkakataon na magpahayag ng kanilang saloobin, na may mataas na mean score (M=3.98) | Sa Talahanayan 3 nagsasaad na nakakaranas ng stress, pressure at kapag ito ay hindi napagbigyan na magpahayag ng nararamdaman sa akademikong gawain nabibilang sa tema na Emosyonal at Intelektwal na Hamon sa Pagkatuto | *Merging-diverging* | Ipinakita sa pagsasama ng datos na may pangangailangang maglaan ng pantay na oportunidad para sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa silid-aralan. |
| Kolaborasyon tungo sa pagkatuto | Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita na ang Pansariling Pagsalungat ay may mataas na mean (M=3.97). Ang aytem 5 ay nagsasaad na mas natututo sa pamamagitan ng pagtutulungan kapag ang kapaligiran ay nagtataguyod ng tiwala at pagkakaintindihan sa pagitan ng mga mag-aaral., na may *mean score* na mataas (M=4.04). | Sa Talahanayan 3, binanggit ng mga mag-aaral na mas lumalalim ang kanilang pagkatuto kapag may aktibong interaksyon sa kanilang mga kaklase, na nabibilang sa tema ng Aktibo at Kolaboratibong Gawi | *Merging-coverging* | Ang resulta ay nagpapakita ng pangangailangang palakasin ang mga estratehiya sa pagtuturo na nagsusulong ng kolaborasyon. |

**Kapaligiran sa Pag-aaral.** Ang kapaligiran sa pag-aaral ay may mahalagang papel sa akademikong pagganap at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang isang positibong kapaligiran ay nagtataguyod ng motibasyon, tiwala sa sarili, at aktibong partisipasyon sa klase. Kapag ang isang silid-aralan ay may malayang atmospera kung saan ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya nang may kumpiyansa, mas nagiging epektibo ang kanilang pagkatuto. Ang maayos na kapaligiran ay hindi lamang nakatuon sa pisikal na aspeto ng silid-aralan kundi pati na rin sa emosyonal at sosyal na suporta na natatanggap ng mga mag-aaral mula sa kanilang mga guro at kaklase. Ayon kay Dörnyei and Muir (2019) ang pagkatuto ng isang indibidwal ay lubos na naaapektuhan ng kanyang kapaligiran. Ang interaksyon sa loob ng silid-aralan ay magpalakas o magpahina sa kakayahan ng isang mag-aaral na makibahagi sa talakayan at iba pang gawain sa klase. Kapag ang isang guro ay lumilikha ng isang sumusuportang kapaligiran, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng bagong kaalaman at sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kaklase. Dagdag pa rito, sina Shaheen et al. (2020) ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng inklusibong kapaligiran sa pag-aaral. Ang isang silid-aralan na may positibong interaksyon at malayang pagpapahayag ng ideya ay nakatutulong sa paglinang ng akademikong kasanayan ng mga mag-aaral. Kapag ang mga mag-aaral ay nakararamdam ng suporta at paggalang sa kanilang pananaw, mas lumalakas ang kanilang loob na makilahok sa mga diskusyon at iba pang aktibidad sa klase. Ayon naman kina Cai et al. (2022), ang pisikal na aspeto ng kapaligiran sa pag-aaral ay may direktang epekto sa konsentrasyon at pagganap ng mga mag-aaral. Ang sapat na liwanag, maaliwalas na silid-aralan, at maayos na pagkakaayos ng mga upuan ay may malaking ambag sa pagiging produktibo ng mga mag-aaral. Ang hindi maayos na kapaligiran, tulad ng magulong silid-aralan o maingay na paligid, ay maging sanhi ng stress at kawalan ng atensyon sa aralin. Samantala, ayon kay Cayubit (2022), ang emosyonal na aspeto ng kapaligiran sa pag-aaral ay kasinghalaga ng pisikal na aspeto. Kapag ang isang mag-aaral ay nakakaramdam ng seguridad at suporta mula sa kanyang guro at kaklase, mas nagiging madali para sa kanya na harapin ang mga hamon sa pagkatuto. Ang pagkakaroon ng isang positibo at inklusibong kapaligiran ay tumutulong sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mag-aaral at pagpapabuti ng kanilang akademikong kasanayan.

**Kakulangan sa Kagamitan.** Ang kakulangan sa kagamitan ay isa sa mga pangunahing hadlang sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kawalan ng sapat na aklat, gamit pang-eskwela, at teknolohikal na kagamitan ay magdulot ng limitasyon sa kanilang akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na walang access sa tamang kagamitan ay nahihirapang makasabay sa kanilang mga aralin, lalo na sa mga kursong nangangailangan ng espesyalisadong materyales. Ang problemang ito ay hindi lamang isang isyu sa paaralan kundi isang mas malawak na usapin na may kaugnayan sa sistemang pang-edukasyon at suporta mula sa pamahalaan. Ayon kay Trinidad (2020), ang epektibong pagkatuto ay nakasalalay sa pakikilahok ng isang mag-aaral sa kanyang kapaligiran, kabilang ang paggamit ng mga angkop na kagamitan. Kung walang sapat na kagamitan, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na makibahagi sa mga interaktibong gawain at makuha ang kinakailangang impormasyon para sa kanilang pagkatuto. Ang limitasyong ito ay humantong sa pagbaba ng kanilang motibasyon at kumpiyansa sa sarili. Dagdag pa rito, sina Dumpang et al. (2021) ay binigyang-diin ang kahalagahan ng sapat na kagamitan sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ang mga paaralang may sapat na mapagkukunan ay mas nakakalikha ng makabuluhang karanasan sa pag-aaral para sa mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang mga paaralang may limitadong kagamitan ay nahihirapang makasabay sa mga modernong pamamaraan ng pagtuturo, na magdulot ng mababang antas ng pagkatuto at interes ng mga mag-aaral. Ayon naman kina Mhlongo et al. (2023), ang kakulangan sa kagamitan ay may direktang epekto sa kalidad ng edukasyon. Ang mga gurong nagtuturo sa mga pampublikong paaralan na may limitadong mapagkukunan ay nahihirapang magbigay ng sapat na suporta sa kanilang mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging limitado rin ang mga oportunidad para sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng hands-on na mga aktibidad. Samantala, binigyang-diin nina Ferreira et al. (2020) na ang teknolohikal na kakulangan ay isang malaking hadlang sa makabagong paraan ng pagkatuto. Sa panahon ngayon, ang paggamit ng mga digital na kagamitan tulad ng computer, tablet, at internet ay napakahalaga sa edukasyon. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang walang access sa mga teknolohiyang ito, na naglalagay sa kanila sa hindi patas na kalagayan kumpara sa mga may kakayahang gumamit ng mga makabagong kagamitan. Ang agwat sa digital access ay nagiging sanhi ng pagkakaiba sa kalidad ng edukasyon na natatanggap ng bawat mag-aaral.

**Oportunidad para sa Mag-aaral.** Ang pagkakaroon ng sapat na oportunidad sa pag-aaral ay isang mahalagang salik sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang iba't ibang pagkakataon para sa pagkatuto, tulad ng akses sa de-kalidad na edukasyon, scholarship, pagsasanay, at iba pang programang pang-akademiko, ay nagbibigay-daan sa kanila na mapaunlad ang kanilang kakayahan. Kapag ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pantay na oportunidad, mas nagiging madali para sa kanila na maabot ang kanilang mga pangarap at makibahagi sa lipunan bilang produktibong mamamayan. Samakatuwid, ang pagbibigay ng sapat na suporta at oportunidad sa edukasyon ay isang mahalagang hakbang upang matiyak ang mas inklusibo at patas na sistema ng edukasyon.

Ayon kay Müller and Mildenberger (2021), ang oportunidad na ibinibigay sa mga mag-aaral ay may malaking epekto sa kanilang motibasyon at pagganap sa akademya. Ang mga mag-aaral na may akses sa mas maraming oportunidad ay mas nagiging tiwala sa kanilang kakayahan at mas mataas ang posibilidad na magtagumpay sa kanilang larangan. Ang pagkakaroon ng suportadong kapaligiran at sapat na mapagkukunan ay nagiging inspirasyon para sa kanila na pagbutihin ang kanilang pag-aaral at gamitin ang kanilang potensyal nang lubusan. Dagdag pa rito, sina Dörnyei and Muir (2019) ay binigyang-diin na ang pagbibigay ng sapat na oportunidad sa mga mag-aaral ay isang susi sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. Ang mga programang pang-akademiko, tulad ng mga espesyal na pagsasanay at mentorship, ay nagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan sa labas ng tradisyunal na silid-aralan. Bukod dito, ang mga scholarship at grant ay nakakatulong sa mga mag-aaral na may kakulangan sa pinansyal na mapagkukunan upang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at magkaroon ng mas magandang kinabukasan. Ayon naman kina Wong et al. (2019), ang oportunidad sa edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng sapat na mapagkukunan kundi pati na rin sa kalidad ng pagtuturo at mga programa ng paaralan. Ang mga gurong may sapat na pagsasanay at suporta ay mas epektibong naihahatid ang kaalaman sa kanilang mga estudyante. Bukod dito, ang mga paaralan na may mas maraming oportunidad para sa pagsasanay at ekstrakurikular na gawain ay mas nagagabayan ang mga mag-aaral sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad. Samantala, binigyang-diin nina Cheung et al. (2021) na ang tunay na oportunidad ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng pagpipilian kundi sa kakayahang gamitin ang mga ito upang mapabuti ang sariling buhay. Ang mga mag-aaral na may sapat na oportunidad sa edukasyon ay hindi lamang nagkakaroon ng kaalaman kundi nagkakaroon din ng kakayahang gumawa ng mas mahuhusay na desisyon sa hinaharap. Sa pamamagitan ng sapat na suporta mula sa paaralan, pamilya, at pamahalaan, mas nagiging epektibo ang mga programa upang matulungan ang mga mag-aaral na maabot ang kanilang mga layunin.

**Kolaborasyon Tungo sa Pagkatuto.** Ang kolaborasyon ay isang mahalagang aspeto ng epektibong pagkatuto sapagkat ito ay nagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, guro, at iba pang kasapi ng komunidad pang-akademiko. Sa pamamagitan ng sama-samang pag-aaral, mas nagiging malawak ang perspektiba ng mga mag-aaral, natututo silang makipagtulungan, at mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga aralin. Ang kolaboratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatuon sa akademikong tagumpay kundi pati na rin sa paghubog ng mga kasanayang panlipunan na mahalaga sa hinaharap. Dahil dito, ang pagsasanay sa pagtutulungan sa loob ng silid-aralan at sa iba’t ibang gawaing pang-edukasyon ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas epektibong

sistema ng pagkatuto. Ayon kay Erbil (2020) ang pagkatuto ay nagaganap sa isang sosyal na konteksto kung saan ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro ay may mahalagang papel sa intelektwal na pag-unlad. Ang kolaborasyon ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matuto mula sa isa't isa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya, karanasan, at kaalaman. Sa pamamagitan ng scaffolded learning, o ang pagbibigay ng suporta habang natututo, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga mahihirap na konsepto. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Han and Son (2020) na ang cooperative learning ay isang estratehiyang pang-edukasyon na naglalayong mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip at paglutas ng problema. Ang epektibong kolaborasyon ay hindi lamang nagpapabuti sa akademikong pagganap kundi nagpapalakas din ng tiwala sa sarili, pagpapahalaga sa iba, at kakayahang makipagtulungan sa iba't ibang sitwasyon. Ang mga grupong pang-akademiko na may malinaw na layunin at mahusay na pamamahala ay mas nagkakaroon ng produktibong resulta. Ayon naman kina Keramati and Gillies (2021), ang pagtutulungan sa loob ng isang grupo ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng pagganyak sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral na bahagi ng isang suportadong pangkat ay mas nagiging handang magbigay ng kontribusyon at mas nagiging aktibo sa kanilang pagkatuto. Sa halip na nakasalalay lamang sa sarili nilang kakayahan, natututo silang humingi ng tulong at magbahagi ng kanilang nalalaman, na siyang nagreresulta sa mas malalim na pang-unawa sa aralin. Samantala, binanggit nina Yang et al. (2022) na ang collaborative learning ay isang mahalagang kasangkapan sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa kanilang propesyonal na buhay. Ang kakayahang makipagtulungan sa iba ay isang mahalagang kasanayan sa anumang larangan, maging sa akademiya o sa industriya. Sa pamamagitan ng kolaborasyon, mas nagkakaroon ng pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw at mas nagiging bukas ang isipan ng mga mag-aaral sa bago at mas epektibong paraan ng paglutas ng mga suliranin.

## V. KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

Una, ang kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ay positibo, partikular sa aspektong may kinalaman sa positibong pakikitungo, multilingguwal na kapaligiran, at pantay na oportunidad sa pagkatuto. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagtanggap at pagsuporta sa isang inklusibo at malayang kapaligiran sa pag-aaral ng wika.

Ikalawa, isinagawa ang pagsusuri ng temang lumitaw mula sa mga tugon ng mga kalahok sa pamamagitan ng masusing panayam (IDI) at talakayang panggrupo (FGD). Sa pamamagitan nito, lumitaw ang mahahalagang tema na may kaugnayan sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral, kabilang ang kolaborasyon sa pagkatuto, kakulangan sa kagamitan, hamon sa paggamit ng pormal na Filipino, at ang epekto ng multilingguwalismo sa kanilang akademikong pagganap.

Ikatlo, upang higit na maunawaan ang kaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral, pinag-ugnay ang resulta ng kwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri. Ipinakita ng mga datos na may kongruwensiya sa pagitan ng parehong yugto ng pag-aaral, kung saan kinumpirma ng mga personal na salaysay ang mataas na antas ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang kapaligiran sa pagkatuto.

Panghuli, batay sa natuklasang datos mula sa parehong pagsusuring kwantitatibo at kwalitatibo, iminungkahi ang mga interbensyon tulad ng pagpapalakas ng kolaboratibong pagkatuto, pagpapabuti ng mga pasilidad at kagamitan, paglikha ng mas inklusibong estratehiya sa pagtuturo, at pagsasagawa ng mga programa upang mapahusay ang kasanayan sa pormal na Filipino. Ang mga hakbang na ito ay naglalayong tugunan ang mga natukoy na hamon at lalo pang pagbutihin ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng Filipino.

## TALASANGGUNIAN


[1] Cheung, S. K., Kwok, L. F., Phusavat, K., & Yang, H. H. (2021). Shaping the future learning environments with smart elements: challenges and opportunities. *International Journal of Educational Technology in Higher Education, 18, 1-9.*

[2] Rintala, H., & Nokelainen, P. (2020). Standing and attractiveness of vocational education and training in Finland: Focus on learning environments. *Journal of Vocational Education & Training, 72(2), 250-269.*

[3] Fabito, B. S., Trillanes, A. O., & Sarmiento, J. R. (2020). Barriers and challenges of computing students in an online learning environment: Insights from one private university in the Philippines. arXiv preprint arXiv:2012.02121.

[4] Baji, M. I., & Baji, P. D. M. I. (2019). Socio-cultural factors as predictors of academic performance of the girl-child among junior secondary school students in Niger state, Nigeria. *African Education Indices, 11(1), 169-179.*

[5] Torres, J., & Alieto, E. (2019). English learning motivation and self-efficacy of Filipino senior high school students. Asian EFL Journal, 22(1), 51-72.

[6] Baars, S., Schellings, G. L., Krishnamurthy, S., Joore, J. P., den Brok, P. J., & van Wesemael, P. J. (2021). A framework for exploration of relationship between the psychosocial and physical learning environment. *Learning Environments Research, 24, 43-69.*

[7] Bryman, A. (2007). Barriers to integrating quantitative and qualitative research. *Journal of mixed methods research, 1(1), 8-22.*

[8] Halcomb, E., & Hickman, L. (2015). Mixed methods research. *Nursing Standard (2014+), 29(32), 41.*

[9] Hanson, W. E., Creswell, J. W., Clark, V. L. P., Petska, K. S., & Creswell, J. D. (2005). Mixed methods research designs in counseling psychology. *Journal of counseling psychology, 52(2), 224.*

[10] Thibodeaux, T., Harapnuik, D., & Cummings, C. (2019). Student perceptions of the influence of choice, ownership, and voice in learning and the learning environment. *International Journal of Teaching and Learning in Higher Education, 31(1), 50-62.*

[11] Baik, C., Larcombe, W., & Brooker, A. (2019). How universities can enhance student mental wellbeing: The student perspective. *Higher Education Research & Development, 38(4), 674-687.*

[12] Kaufmann, R., & Vallade, J. I. (2022). Exploring connections in the online learning environment: student perceptions of rapport, climate, and loneliness. *Interactive Learning Environments, 30(10), 1794-1808.*

[13] Qureshi, M. A., Khaskheli, A., Qureshi, J. A., Raza, S. A., & Yousufi, S. Q. (2023). Factors affecting students' learning performance through collaborative learning and engagement. *Interactive Learning Environments, 31(4), 2371-2391.*

[14] Singer, A., Montgomery, G., & Schmoll, S. (2020). How to foster the formation of STEM identity: studying diversity in an authentic learning environment. *International journal of STEM Education, 7, 1-12.*

[15] Maison, M., Syahria, S., Syamsurizal, S., & Tanti, T. (2019). Learning Environment, Students 'Beliefs, and Self-Regulation in Learning Physics: Structural Equation Modeling. *Journal of Baltic Science Education, 18(3).*

[16] Xu, K. M., Cunha-Harvey, A. R., King, R. B., de Koning, B. B., Paas, F., Baars, M., ... & de Groot, R. (2023). A cross-cultural investigation on perseverance, self-regulated learning, motivation, and achievement. Compare: *A Journal of Comparative and International Education, 53(3), 361-379.*

[17] Huescar Hernandez, E., Moreno-Murcia, J. A., Cid, L., Monteiro, D., & Rodrigues, F. (2020). Passion or perseverance? The effect of perceived autonomy support and grit on academic performance in college students. *International journal of environmental research and public health, 17(6), 2143.*

[18] Cummins, J. (1999). Research news and Comment: Alternative Paradigms in Bilingual Education Research: Does Theory Have a Place?. *Educational Researcher, 28(7), 26-41.*

[19] Diate, K., & Mordeno, I. C. (2021). Filipino Physics Teachers' Teaching Challenges and Perception of Essential Skills for a Supportive Learning Environment. *Asia Research Network Journal of Education, 1(2), 61-76.*

[20] Bantillo, R. B., & Ngag, J. B. J. U. (2024). Changing Landscape of Filipino Education: Teachers'Perspectives on Traditional vs. Modernized Approaches to Teaching Filipino. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 2409-2420.*

[21] Piaget, J. (1950). The psychology of intelligence. Routledge & Kegan Paul.

[22] Jeong, H. C., & So, W. Y. (2020). Difficulties of online physical education classes in middle and high school and an efficient operation plan to address them. *International journal of environmental research and public health, 17(19), 7279.*

[23] Valtonen, T., Leppänen, U., Hyypiä, M., Kokko, A., Manninen, J., Vartiainen, H., ... & Hirsto, L. (2021). Learning environments preferred by university students: a shift toward informal and flexible learning environments. *Learning Environments Research, 24, 371-388.*

[24] Dörnyei, Z., & Muir, C. (2019). Creating a motivating classroom environment. Second handbook of English language teaching, 719-736.

[25] Shaheen, N., Ahmad, N., & Shah, R. (2020). Quality university education through conducive classroom learning environment. *Research Journal of Social Sciences and Economics Review, 1(1), 76-84.*

[26] Cai, J., Wen, Q., Lombaerts, K., Jaime, I., & Cai, L. (2022). Assessing students' perceptions about classroom learning environments: the New What Is Happening In this Class (NWIHIC) instrument. Learning Environments Research, 25(2), 601-618.

[27] Cayubit, R. F. O. (2022). Why learning environment matters? An analysis on how the learning environment influences the academic motivation, learning strategies and engagement of college students. *Learning Environments Research, 25(2), 581-599.*

[28] Trinidad, J. E. (2020). Material resources, school climate, and achievement variations in the Philippines: Insights from PISA 2018. *International Journal of Educational Development, 75, 102174.*

[29] Dumpang, C. N., Sedanza, M. A. C., & Caluza, L. (2021). Needs assessment of grade 8 instructional materials in teaching Filipino: A phenomenology. *International Journal of Research Publications, 71(1), 13.*

[30] Mhlongo, S., Mbatha, K., Ramatsetse, B., & Dlamini, R. (2023). Challenges, opportunities, and prospects of adopting and using smart digital technologies in learning environments: *An iterative review. Heliyon, 9(6).*

[31] Ferreira, M., Martinsone, B., & Talić, S. (2020). Promoting sustainable social emotional learning at school through relationship centered learning environment, teaching methods and formative assessment. *Journal of Teacher Education for Sustainability*, 22(1), 21-36.

[32] Müller, C., & Mildenberger, T. (2021). Facilitating flexible learning by replacing classroom time with an online learning environment: A systematic review of blended learning in higher education. *Educational research review, 34, 100394.*

[33] Dörnyei, Z., & Muir, C. (2019). Creating a motivating classroom environment. Second handbook of English language teaching, 719-736.

[34] Wong, J., Baars, M., Davis, D., Van Der Zee, T., Houben, G. J., & Paas, F. (2019). Supporting self-regulated learning in online learning environments and MOOCs: A systematic review. International Journal of Human–Computer Interaction, 35(4-5), 356-373.

[35] Cheung, S. K., Kwok, L. F., Phusavat, K., & Yang, H. H. (2021). Shaping the future learning environments with smart elements: challenges and opportunities. *International Journal of Educational Technology in Higher Education, 18, 1-9.*

[36] Erbil, D. G. (2020). A review of flipped classroom and cooperative learning method within the context of Vygotsky theory. Frontiers in psychology, 11, 1157.

[37] Han, S. I., & Son, H. (2020). Effects of cooperative learning on the improvement of interpersonal competence among students in classroom environments. International Online Journal of Education and Teaching, 7(1), 17-28.

[38] Keramati, M. R., & Gillies, R. M. (2021). Advantages and challenges of cooperative learning in two different cultures. *Education Sciences, 12(1), 3.*

[39] Yang, X., Zhou, X., & Hu, J. (2022). Students' preferences for seating arrangements and their engagement in cooperative learning activities in college English blended learning classrooms in higher education. *Higher Education Research & Development, 41(4), 1356-1371.*